| MATATAG<br>K to10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | Visit DepEdResources.com for More | Baitang: | 7 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | FILIPINO |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | AUGUST 12 - 16, 2024 (WEEK 3) | Markahan: | 1 |

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng Katutubo (ANYONG PATULA) at tekstong impormasyonal (eskpositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng biyograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda at comic book na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na pananagutan at kasanayan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Kasanayan sa Pampagkatuto**<br>Nasusuri ang mga detalye ng teksto na may kritikal na pag-unawa (Awiting-Bayan)<br><br>**Mga Layuning Pampagkatuto**<br>● Natutukoy ang mahahalagang elemento ng teksto<br>● Naipaliliwanag ang nakapaloob na pahiwatig, simbolo, talinghaga at larawang diwa/imahen sa teksto<br>● Naiuugnay ang mahalagang kaisipan ng tula batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>● Nasusuri ang mahahalagang pangyayari batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda<br>● Nasusuri ang mga elementong panglinggwistika<br>● Nasusuri ang kultural na elemento na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon |
| **D. Nilalaman** | MGA AWITING-BAYAN SA PANAHON NG MGA KATUTUBO<br>(Diona, Kundiman, Oyayi, Dalit, Soliranin, Talindaw, Kumintang, Sambotani) |
| **E. Integrasyon** | Sustainable Development Goals<br>● SDG 14: Buhay at yamang-dagat<br>● SDG 15: Buhay at yamang-lupa |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**

Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 7* (V. M. Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.

Dandansoy (2017). https://www.youtube.com/watch?v=F3G5CKxen5U

Elipe, Shaira Joy (2020). Mga Karunungang Bayan. https://www.youtube.com/watch?v=658uiPBMe9o Ili-ili Tulog Anay

(2017). https://www.youtube.com/watch?v=QR4Ee_NSb8U

Komisyon sa Wikang Filipino. (2021). Filipino at Katutubong Wika sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino. https://www.bsp.gov.ph/Media_And_Research/Public_Advisories/Paliwanag-sa-Tema-ng-Buwan-ng-Wika.pdf

Hiraya TV (2023). Paruparong Bukid. https://www.youtube.com/watch?v=2XTRrM3lvRs Hiraya TV (2020).

Bahay-Kubo. https://www.youtube.com/watch?v=er3EID03smc Panitikang Pilipino: *Filipino Modyul para sa*

*Mag-aaral 7*.


Santiago, L. (2007). *Mga Panitikan ng Pilipinas*. C & E Publishing Inc. Quezon City.

Salazar, Z. A. (2004). *Kasaysayan ng Kapilipinuhan*. https://bangkanixiao.files.wordpress.com/2012/09/zeus-salazar- kasaysayan-ng- kapilipinuhan.pdf

Si Pilemon (2020). https://www.youtube.com/watch?v=irydqcYOY5c

Tandang, Dian. https://www.academia.edu/40115940/FILIPINO_Baitang_8_Yunit_1_Mga_Karunungang_bayan

Villanueva, V. M. (2018). *#ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino)*. VMV Publishing House. Makati: Bangkal

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr>
<td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td>
<td>Unang Araw<br>1. Maikling Balik-aral<br>TAMBAL-GAWA<br>Panuto: Humanap ng kapareha upang sumagot sa mga tanong. Isaalang-alang ang pagiging aktibo at mabuting tagapakinig.<br><br>1. Ano ang pamagat ng paborito mong awitin?<br>2. Ito ba ay awiting pambansa o internasyunal?<br>3. Bakit mo ito nagustuhan?<br>4. Kaya mo bang awitin ang ilang linya?<br>5. Ano ang mensahe ng awitin?<br><br>UGNAY-SALITA: Itala ang mga salitang maiuugnay sa awiting-bayan gamit ang grapikong pantulong.<br><br><br><br><br>2. Pidbak (Opsiyonal)<br>HEPHEP-HOORAY: Sabihin ang hep-hep, kung may tanong pa tungkol sa nakaraang paksa.</td>
<td>Ang gawaing ito ay magsisilbing gabay o maaaring magamit upang balikan ang aralin sa kasaysayan ng Pilipinas.<br><br>Kung may oras ay hayaan ang mga bata na ipaghambing ang kanilang mga sagot sa kanilang katabi.<br><br>Magbigay-linaw ang guro kung mayroong katanungan.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | Isigaw naman ang hooray kung walang katanungan. | |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**HULA-LARAWAN:** Hulaan ang sagot batay sa apat na larawan. May clue na una at huling letra sa sagot.<br><br>1. A ________T<br><br>2. M_________A<br><br>3. P_________A<br><br>4. T__________Y<br><br>5. D__________N<br><br>**HULA-AWIT:** May bola na ipapasa-pasa habang nakikinig sa tugtog ng mga awiting-bayan. Ang may hawak ng bola paghinto ng awit ay maaaring mabigyan ng espesyal na gawain.<br><br>Mga suhestiyong awitin: Paruparong bukid, Bahay-kubo, Leron Sinta, Manang Biday, Dalagang Pilipina Leron, Si Pilemon Dandansoy, Atin Cu Pung Singsing<br><br>Suhestiyong espesyal na gawain:<br>Sasagutin ang tanong ng guro/kaklase | Tamang sagot:<br>1. awit<br>2. manggagawa<br>3. pamamangka<br>4. tagumpay<br>5. digmaan<br><br>Bigyan din ng pagkakataong magamit ng mga bata ang mga salita sa isang pangungusap.<br><br>Bibigyang-diin ng guro na may mga tiyak na awiting-bayan sa iba't ibang gawain/pangyayari.<br><br>Iproseso sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga salita sa mga uri ng awiting-bayang tatalakayin. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Ang awiting-bayan ay kilala rin sa tawag na kantahing–bayan na sumasalamin sa kultura at kasaysayan ng ating bansa. Nagsimula ito bilang mga tula na may sukat at tugma ngunit sa kalaunan ay nilapatan ng himig at naipahayag na pakanta. Sa panahon ng mga katutubo, ang karaniwang paksa ng mga awiting-bayan ay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay. Masasalamin dito ang kaugalian, pananampalataya, karanasan, gawain at hanapbuhay nga mga ninuno. Taglay rin nito ang iba't ibang damdaming umiiral tulad ng kaligayahan sa panahon ng tagumpay, lumbay sa panahon ng pagluluksa at kalungkutan, galit sa panahon ng digmaan, at kapanatagan ng loob habang isinasagawa ang pagtatanim, pagluluto, at iba pa. Hindi lamang simpleng kanta ang mga awiting-bayan kundi mga buhay na salaysay ng kanilang pakikibaka at pananatiling matatag sa kabila ng mga hamon at pagbabago sa kanilang kapaligiran.
TUON-TANONG: Sa isang malayang talakayan, pagtulungang sagutan ito.


2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br>PILI-SAGOT: Basahin ang mga pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot sa kahon.
a. awiting-bayan    b. sambotani    c. talindaw    d. diona
1. Ito ay tinatawag ding kantahing bayan na sumasalamin sa panitikan ng katutubong Pilipino.
</td>
<td>Maaaring imodipika ang mga gawain.</td>
</tr>
</table>

2. Ito ang tawag sa awit sa pamamanhikan o kasal.
3. Ito ay nagpapahayag ng kasiyahan mula sa tagumpay mula sa pakikidigma.
4. Ito ay awit ng pamamangka.

*Tamang sagot:*
1. A
2. D
3. B
4. C

**C. Paglinang at Pagpapalalim**

**Ikalawang Araw**

**Kaugnay na Paksa 1: Mga Awiting-Bayan sa Panahon ng Katutubo**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

**BAHAGI-KAALAMAN:** Magbahagi ng kaalaman tungkol sa mga awiting-bayan. Gamitin ang talahanayan sa pagsagot.

| Awiting-Bayan | Kaisipa |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

Itanong:
1. Anong mahalagang kaisipan ang nais iparating ng mga awiting- bayan?
2. Sa paanong paraan malinaw na naipararating ang mga kaisipang ito?

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**BASA o KANTA:** Sabay-sabay na basahin o kantahin ang mga awiting-bayan sa gabay ng guro. Isaisip ang mga gabay na tanong upang lubos na maunawaan ito.

Maaaring basahin o kantahin ang mga awiting-bayan.
Maaaring gamitin ang video link.

| | | |
|---|---|---|
| | 6 awitin? | |
| | | |

**1. Paruparong Bukid**

Paruparong bukid na
lilipad-lipad Sa gitna ng daan,
papaga-pagaspas Isang bara ang
tapis
Isang dangkal ang manggas
Ang sayang de-kola
isang piyesa ang
sayad May payneta pa
siya, may suklay pa
man din
Nagwas-de-ohetes ang
palalabasin Haharap sa altar at
mananalamin At saka lalakad
ng pakendeng- kendeng.

*Link:*
https://www.youtube.com/watch?v=2XTRrM3lvRs

**B.** Ipaliwanag ang nakapaloob na pahiwatig at simbolo.

**2. Dandansoy**

Dandansoy bayaan ta
ikaw Pauli ako sa payaw
Ugaling kun ikaw
hidlawon
Ang payaw imo lang
lantawon Dandansoy, kon
imo apason Bisan tubig di
ka magbalon Ugaling kun
ikaw uhawon
Sa dalan magbubon-bubon
Konbento, sa diin ang kura
Munisipyo, sa diin
hustisya Yari si Dansoy
makiha Makiha sa
paghigugma
Panyo mo, kag kining panyo
ko Gisi-gisia kay tambihon
ko Ugaling kon magkasilo
Bana ta ikaw, asawa mo ako.

*Link:*
https://www.youtube.com/watch?v=F3G5CKxen5U

**3. Bahay-Kubo**

Bahay kubo, kahit munti
Ang halaman doon ay sari-sari. Singkamas at
talong, sigarilyas at mani Sitaw, bataw, patani.
Kundol, patola, upo't kalabasa

**4. Soliranin**

Sagwan, tayo'y sumagwan
Ang buong kaya'y ibigay.
Malakas ang hangin, baka
tayo tangayin
Pagsagwa'y dapat na pagbutihin.

May salin ang mga awiting Dandansoy, Si Pilemon at Ili-ili Tulog Anay sa mga link na ibinigay.

Maaaring imodipika ang mga gawain.

| | |
|---|---|
| At saka mayroon pang labanos,<br>mustasa,<br>sibuyas, kamatis, bawang at luya sa<br>paligid-ligid ay puro linga.<br><br>*Link:* [*https://www.youtube.com/watch?v=er3EID03smc*](https://www.youtube.com/watch?v=er3EID03smc) | **C.** Anong kulturang Pilipino ang nasasalamin sa mga awiting-bayan? |
| | |
| | |

**5. Si Pilemon**

Si Pilemon, si Pelimon
Namasol sa kadagatan
Nakakuha, nakakuha Ug
isdang tambasakan
Gibaligya, gibaligya
Sa merkadong guba Ang
halin puros kura Ang
halin puros kura Igo rang
ipanuba

*Link:* *https://www.youtube.com/watch?v=irydqcYOY5c*

**6. Ili-ili Tulog Anay**

Ili-ili, tulog anay
Wala diri imong nanay Kadto
tienda, bakal papay Ili-ili,
tulog anay
Mata ka na, tabangan mo
Ikarga ang nakompra ko
Kay bug-at man sing putos ko Tabangan mo
ako anay

*Link:* https://www.youtube.com/watch?v=QR4Ee_NSb8U

**D.** Anong awitin ang nagpapahalaga sa yamang- lupa? Ipaliwanag ang sagot.

**E.** Ipaliwanag: Ang karagatan ay kayamanan.

**Ikatlong Araw**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**SURI-PANITIKAN:** Hatiin ang klase sa anim (6) upang bawat pangkat ay may susuriing awiting-bayan. Gawing gabay ang rubrik sa pag-uulat.

**RUBRIK SA PAG-UULAT**

| Pamantayan | 5 Napakahusay | 3 Mahusay | 1 Nangangailangan ng Gabay |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Lubusang nailahad ang lahat ng hinihingi sa talahanayan. | May isang bahagi sa nilalaman ang hindi malinaw na inilahad. | Walang malinaw na nailahad na hinihingi sa talahanayan. |
| Pagpunan sa Talahanayan | Napunan/nasagot ang lahat ng talahanayan. | May isang bahagi sa talahanayan ang hindi nasagot. | Hindi nasagot ang lahat ng nasa talahanayan. |
| Kawastuhan | Ang lahat ng bahagi sa talahanayan ay wasto. | May isang bahagi sa talahanayan ay di wasto. | Nangangailangan ng pagwawasto ang itinala sa talahanayan. |
| Kabuoan | | | |

**A.** Pagkilala sa Awiting-Bayan

1. Tukuyin ang pinagmulan o rehiyon kung saan nanggaling ang awit.
2. Alamin ang anyo o *genre* ng awit. (Hal. kundiman, oyayi)

**B**. Pakikinig at Pagbabasa ng Liriko

1. Basahin/pakinggan ang awit nang ilang beses upang maintindihan ang


melodiya at damdamin.

2. Suriin ang liriko ng awitin.

| |
|---|
| |
| |

**C.** Paglalahad ng Mensahe at Tema

1. Tukuyin ang pangunahing mensahe.
2. Hanapin ang tema o mga temang tinatalakay. (Hal. pag-ibig, pagkakaisa)




**D.** Pagsusuri ng Estruktura



1. Suriin ang bilang ng taludtod, saknong.
2. Alamin kung may repetisyon, ritmo, at ibang elemento ng tula.

| |
|---|
| |
| |

**E.** Pagkilala sa Elementong Kultural at Historikal

1. Suriin ang kultura, kasaysayan at tradisyon ng lugar
2. Alamin ang konteksto kung kailan at bakit kinakanta ang awit. (Hal.

| | | |
|---|---|---|
| | Panahon ng ani, pagdiriwang, ritwal)<br><br>________________<br>________________<br>________________<br><br>**F.** Pagkilala sa Himig at Instrumentasyon<br>1. Suriin ang melodiya ng awit. Ito ba ay masaya, malungkot, seryoso o magaan?<br>2. Alamin kung anong instrumento ang kalimitang ginagamit sa pag-awit nito.<br><br>________________<br>________________<br>________________<br><br>**G.** Pagbibigay ng Sariling Interpretasyon<br>1. Ibahagi ang sariling pananaw at damdamin sa awit.<br>2. Ipaliwanag paano nauunawaan at nararamdaman ang awit batay sa inyong karanasan.<br><br>________________<br>________________<br>________________<br><br>**H.** Paghahambing sa Ibang Awiting-Bayan<br>1. Ikumpara ang awit sa iba pang awiting-bayan mula sa parehong rehiyon o ibang rehiyon gamit ang *Venn* dayagram.<br>2. Tukuyin ang mga pagkakatulad at pagkakaiba sa tema, mensahe, at musika. | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td><br><br>I. Pagbuo ng Konklusyon<br>1. Ilahad ang buod ng inyong natuklasan.<br>2. Ibigay ang pangwakas na opinyon sa halaga ng awit sa kultura at kasaysayan ng bansa.<br><br></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>D. Paglalahat</td>
<td>1. Pabaong Pagkatuto<br>BINTANA-UNAWA: Ilahad ang natutunan mula sa talakayan.<br><br><table><tr><th>Anyo</th><th>Elemento</th></tr><tr><td></td><td></td></tr></table></td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **Panitikang Katutubo (Awitin g-bayan)**<br><br>**Katangian** \| **Kahalagahan**<br><br>· **Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**GABAY-NILAY:** Dugtungan ang mga pahayag batay sa iyong karanasan.<br><br>Sa linggong ito:<br>● Nalaman kong<br>▯ Naranasan kong . Naramdaman kong . Para sa akin, ang<br>▯ mga awiting-bayan sa panahon ng ay . katutubo<br>▯ Bilang mag-aaral, .<br>▯ | |

<table>
<tr><th colspan="4">IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagtataya</td><td colspan="3">1. Pagsusulit<br>Panuto: Alamin ang uri ng awiting-bayan sa pamamagitan ng pagtatapat-tapat ng uri nito sa Hanay A at paglalarawan sa Hanay B. Isulat ang sagot sa kuwaderno.<br><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin (Opsiyonal)</td><td>Tamang sagot:<br>1. C<br>2. E<br>3. D<br>4. B<br>5. A<br>6. G<br>7. H<br>8. F<br><br>Ipawasto sa klase.</td></tr>
<tr><td rowspan="4">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="4">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anumang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo. Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging sa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***At iba pa*** | | | |

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. kundiman | a. awiting nagdadakila ng Maykapal |
| 2. oyayi | b. Awit sa paggaod habang namamangka |
| 3. kumintang | |
| 4. soliranin | d. Awit ng pakikidigma |
| 5. dalit | e. Awit sa paghehele ng bata |
| 6. sambotani | f. Awit sa pamamanhikan o kasal |
| 7. talindaw | g. Awit sa pananagumpay |
| 8. diona | h. Awit sa paglalayag |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br><br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?*<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |